# Ang Kapangyarihan ng Muling Pagkabuhay ni Cristo




Aralin 8 para sa ika-22 ng Agosto, 2026

“At kung si Cristo’y hindi muling binuhay, ang aming pangangaral ay walang kabuluhan, at ang inyong pananampalataya ay wala ring kabuluhan.... Kung si Cristo ay hindi muling binuhay, ang inyong pananampalataya ay walang kabuluhan, kayo’y nananatili pa rin sa inyong mga kasalanan”

(1 Corinto 15:14–17)





Ayon sa Griyegong Pilosopia—basi sa mga teoriya ni Plato—ang katawan, totoong masama, ay kulungan lamang ng imortal na kaluluwa. Sa kaisipang ito, ano ang kahulugan ng pagkabuhay muli ng katawan sa mga Griyego at Romano?



Dahil dito, isang bahagi ng iglesia sa Corinto ang hindi naniniwala sa pagkabuhay na muli. Binigyang pansin ni Pablo ang isyung ito sa kabanata labinlima ng kanyang unang sulat sa mga taga Corinto.

Hindi ito maliit lang na bagay. Ang pagkabuhay na muli ay nakaugnay sa kaligtsan. Kung walang pagkabuhay na mag-uli… ano ang ang punto ng pangangaral ng ebanghelyo?

## Ang pagkabuhay muli ni Jesus

Pangyayari ba sa kasaysayan ang pagkabuhay na mag-uli?
(1 Corinto 15:1-11)

## Ang mga bunga ng pagkabuhay muli ni Jesus

Ano kaya kung hindi nabuhay muli si Kristo?
(1 Corinto 15:12-19)


Ano ang gumagarantiya sa pagkabuhay muli?
(1 Corinto 15:20-34)

## Ating pagkabuhay muli

Sa anong katawan tayo mabubuhay muli?
(1 Corinto 15:35-49)

Kailan tayo mabubuhay muli?
(1 Corinto 15:50-58)

# ANG PAGKABUHAY MULI NI JESUS



# ANG PAGKABUHAY MULI BA AY PANGYAYARI SA KASAYSAYAN?

"Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, At siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan" (1 Corinto 15:3-4)

Bago sagutin ang pagdududa ng mga taga Corinto sa pagkabuhay na muli, ipinaalala sa kanila ni Pablo kung paano gumagawa ang ebanghelyo (1 Cor. 15:1-2):

Ipinapangaral ito → Tinatanggap ito → Nagtitiyaga ang isa dito → Natanggap ang kaligtasan



At ano ang ebanghelyo na ipinangaral? (1 Cor. 15:3-4)

Namatay si Kristo para sa ating mga kasalanan → Inilibign si Kristo → Nabuhay muli si Kristo sa ikatlong araw




At paano natin malalaman na ang pagkabuhay na muli ay pangyayari sa kasaysayan? Sino ang nakakita sa nabuhay na Jesus? (1 Cor. 15:5-8)


Si Pedro at ang labindalawa → Higit sa 500 magkakapatid → Santiago at mga apostol → Si Pablo "na tagalaglag"



Nilinaw ni Pablo na ang ebanghelyo ay gawain ng Dios na isinasagawa "ayon sa Kasulatan." Iyon ay, planong inordinahan na kung saan mahalaga ang tungkulin ng pagkabuhay na muli. May nagdududa ba? Magtanong sila sa mga nakakita sa panahong iyon!

# ANG MGA BUNGA NG PAGKABUHAY MULI NI JESUS







# ANO KAYA KUNG HINDI MULING NABUHAY SI KRISTO?

"At kung si Cristo'y hindi muling binuhay, ay walang kabuluhan nga ang aming pangangaral, wala rin namang kabuluhan ang inyong pananampalataya." (1 Corinto 15:14)



Ang pagtanggi sa posibilidad ng pagkabuhay na muli ay hindi tumutugma sa pananampalataya ng Kristyano, dahil "kung walang pagkabuhay ng patay, hindi sana nabuhay si Kristo" (1 Corinto 15:12-13). At kung hindi nabuhay muli si Jesus...

- Ang pangangaral ng ebanghelyo ay sayang [walang kahulugan] (1 Cor. 15:14a)
- Sayang ang ating pananampalataya [walang kahulugan] (1 Cor. 15:14b) [walang saysay] (1 Cor. 15:17a)
- Tayo ay huwad na mga saksi (1 Cor. 15:15)
- Tayo ay nananatili sa ating mga kasalanan (1 Cor. 15:17b)
- Ang mga namatay ay hindi muling mabubuhay (1 Corinto 15:18)



Kung walang pagkabuhay na muli, si Jesus ay isang matuwid lang na taong pinatay ng walang dahilan, ngunit hindi makakapagligtas. "Datapuwa't si Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay" (1 Cor. 15:20a) . Meron tayong BUHAY na Tagapagligtas.

Dahil dito, may katuturan ang ebanghelyo; ganun din ang ating pana-nampalataya; tayo ay tapat na mga saksi; napatawad na ang ating mga kasalanan; at ang mga namatay kay Kristo ay mabubuhay muli.



# ANO ANG GARANTIYA NG PAGKABUHAY MULI?

"Kung sa buhay lamang na ito tayo nagsisiasa kay Cristo, ay tayo sa lahat ng mga tao ang lalong kahabaghabag" (1 Corinto 15:20)



Ang unang katotohanan na ginarantiyahan ng pagkabuhay muli ni Jesus ay ang mga tumanggap sa plano ng kaligtasan – mula kay Adan hanggang sa katapusan ng mundo – kung tayo ay mamatay, mabubuhay tayo muli (1 Cor. 15:20-23).

Ano ang mangyayari pagkatapos natin na mabuhay muli? Sa pagtalo sa kamatayan, natalo na ni Jesus ang lahat niyang mga kaaway (1 Cor. 15:25-26). Tapos, ipapailalim ni Jesus ang lahat sa Ama, upang "ang Dios ay maging lahat sa lahat" (1 Cor. 15:24, 28).



Dagdag pa sa mga garantiyang ito sa hinaharap, nagbigay sa atin si Pablo ng dalawa pa na nakakaapekto sa pang-araw-araw nating buhay:



1 Corinto 15:30-32

Makabuluhang ipangaral ang ebanghelyo, kahit kabilang dito ang pagsurusa o panganib.



1 Corinto 15:33-34

Makabuhluhang mamuhay ayon sa mga prinsipyo ng Biblia.

# ATING PAGKABUHAY MULI



# SA ANONG KATAWAN TAYO MABUBUHAY MULI?

"Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay. Itinatanim na may kasiraan; binubuhay na maguli na walang kasiraan." (1 Corinto 15:42)

**Mga paghahalintulad sa nabuhay na katawan:**

**Katawan ng mga tanim (1 Cor. 15:35-38)**

- Inihasik ang binhi



- Inani ang mga butil



- Binibigyan ng Dios ng gusto Nyang katawan ang mga tanim.



**Pisikal na katawan (1 Cor. 15:39)**

- Mga katawan ng tao



- Mga katawan ng hayop



- Katawan ng isda



- Katawan ng ibon



**Makalangit na katawan (1 Cor. 15:40-41)**

- Kaluwalhatian ng araw



- Kaluwalhatian ng buwan



- Kaluwalhatian ng mga bituin



- Bawat isa ay may sariling kaluwalhatian (kinang)




# SA ANONG KATAWAN TAYO MABUBUHAY MULI?

"Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay. Itinatanim na may kasiraan; binubuhay na maguli na walang kasiraan." (1 Corinto 15:42)

Ano ang kaibahan ng kasalukuyang katawan sa katawang nabuhay na muli? (1 Cor. 15:42-44)

| Kasalukuyang katawan | Nabuhay na katawan |
|---|---|
| Sira | Hindi sira |
| Hindi kaaya-aya | Maluwalhati |
| Mahina | Makapang-yarihan |
| Hayop | Espiritwal |







May makalupang katawan si Adan, ang ikalawang Adan [Jesus] isang makalangit. Sa pagkabuhay muli, ang ating katawan ay matutulad sa katawan ni Kristo, iyon ay, hindi masisira, maluwalhati, makapangyarihan, espiritwal, at makalangit (1 Cor. 15:45-49).

# KAILAN TAYO MABUBUHAY MULI?

"Narito, sinasaysay ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin—." (1 Corinto 15:51)



Bago tukuyin ang panahon ng pagbuhay muli at kung nao ang mangyayari sa ating katawan sa panahon iyon, sinabi ni Pablo na "ang laman at ang dugo ay hindi makapagmamana ng kaharian ng Dios" (1 Cor. 15:50). Ibig sabihin ba nito ay hindi tayo magkakaroon ng pisikal na katawan matapos ang pagkabuhay na muli?

Ang mga katagang "laman at dugo" ay palaging ginagamit na patumbas ng "tao" (Mt. 16:17; Gal. 1:16; Efe. 6:12; Heb. 2:14). Gumuguhit ng pagkakpareho si Pablo dito: mga nakatira sa Lupa= pagkasira; mga nakatira sa Langit= walang kasiraan. Dito ay may katawan tayong nasisira at, kaya, hindi natin ito madadala sa Langit.



Sa Ikalawang Pagparito, ang nasirang katawan ay mababago tungo sa walang kasiraan, gaya ng katawan ni Jesus ng muli Syang nabuhay (1 Cor. 15:51-55; Lk. 24:36-40).

Sa mga namatay kay Jesus, magiging parang sandali lang ang lumipas. Isang sandali ay naramdaman nila ang lamig ng kamatayan, ngayon ay nakikita na nila ang pagdating ni Jesus (1 Cor. 15:52).





EGW (The Faith I Live By, June 23)

**"Ang pagkabuhay na muli ni Jesus ay halimbawa ng huling pagbubuhay sa mga natulog sa Kanya. Ang katawang nabuhay ng Tagapagligtas, Kanyang kilos, ang diin ng Kanyang mga salita, lahat ay kilala ng Kanyang mga tagasunod. Sa ganun ding paraan ang mga natulog kay Jesus babangong muli. Makikilala natin ang ating mga kaibigan gaya ng pagkakilala ng mga alagad kay Jesus. Bagaman sila ay may pangit na hugis, nagkasakit, o pumangit sa mortal na buhay na ito, ngunit sa kanilang pagkabuhay at naluwalhating katawan, ang kanilang indibidwal na pagkakakilanlan ay perpektong maiingatan, at makikilala natin, sa mukhang lumiwanag ng liwanag na nagmula sa mukha ni Jesus, ang linyada ng mga minamahal natin."**